


**Abstract**

This experimental essay tackles the experiences of a Filipino teacher in time when classes are done fully virtual, digital divide is widening, and tenureship among the teaching roster is at risk because of a health crisis. More than a self-reflection on teaching and pedagogy in the "new normal," the piece also calls for humane government action to teachers affected by COVID-19.

**Keywords**

Creative nonfiction, experimental essay, pandemic literature, distance learning, new normal in education

**English title**

Glossary for Teachers

# TALAHULUGAN NG KAGURUAN

PATRICK ERNEST C. CELSO

**Asynchronous and Synchronous Classes.** Posible bang palitan ng mga robot ang mga guro sa klasrum? Iyan ang itinanong ko sa klase ng Media and Information Literacy na binubuo ng mga mag-aaral sa hayskul. Iba-iba ang nakalap kong tugon. May natawa. May namangha. May napakunot ang noo. Mukhang hindi nga naman ito imposible sapagkat marami nang trabaho ang naglaho dahil napalitan na ng mga robot. Sa China, mayroon nang robot doctor na may kakayahang magsagawa ng ultrasound at mamahala ng swab testing. Sa Japan, mayroon na ring mga robot cleaner na nagpapanatili ng kaayusan at kalinisan sa mga paliparan at iba pang pampublikong lugar. Sa ilang fast-food chain sa Pilipinas, umusbong na rin ang mga self-ordering kiosk na maaaring pumalit sa trabaho ng isang crew.

Kung tutuusin, hindi aliens ang sumasakop sa mundo bagkus ang mapanlinlang na veerus. Bukod pa rito, unti-unti rin tayong nilalamon ng teknolohiya na maaaring nagpabuti o nagpasama sa ating gawi. Napagtanto ko na kung sakaling papalitan na ako ng robot, mas mainam

na mag-isip na ako ng ibang karerang aking tatahakin. Gusto ko sanang maging artista at mapanood ang sarili sa telebisyon ngunit napaisip ako na ang tanging puhunan ko lamang ay kapal ng mukha at wala naman akong face value o talentong kayang ipakita sa madla.

Baka naman napapanahon na ring i-upskill ang sarili at matuto na ng ibang wika bukod sa Ingles, Filipino, Simlish, at Sarcasm. Baka mabisang aralin ang wikang Koreano, dahil sa K-wave o Korean invasion. Kung sakaling naging dalubhasa na ako sa Hangul, mas madali na sa akin manood ng K-drama dahil hindi na ako magpapalipat-lipat ng tingin sa eksena at mga subtitle sa ibaba. Opsiyon ko ring mag-aral ng Mandarin o Cantonese na magagamit ko kung sakaling tuluyan nang sakupin ang Pilipinas. Kung wika ng programming ang usapan, napaglipasan na ang aking kakayahan sa HTML. Kung mayroon mang C+++ as Foreign Language, hindi ako magdadalawang isip mag-enrol.

Ngayon at hindi pa rin mapuksa ang virus, ang dating pansamantalang pagbabago ay naging nakagawiang aktibidad. Change is coming. Akala ko, dadalhin ako sa palasyo ng mga pangakong napako. Ayon sa sikat na mang-aawit (sikat siya sa standards ng mga nasa edad 40 pataas) na si Basil Valdez, "Minsan ang isang pangako'y maihahambing sa isang kastilyong buhangin. Sakdal-rupok at huwag di masaling. Guguho sa ihip ng hangin." Matinding stress ang dulot ng pandemyang ito sa aking katawan. Hindi shabu ang solusyon sa aking nararamdaman (at ayaw kong maging estadistika na may hawak na visual aid na parang isinulat ng batang nasa Grade 3: "Pusher ako. Huwag tularan"). Makabili nga ng isang sachet ng dolomite bago pa man "maguho sa ihip ng hangin." Masubukan ngang i-check kung available ito sa Shopee o Lazada. All for self-care and promotion of mental health.

Totoo nga, may change na dumating na mas mabilis pa sa ipina-deliver mo. Inanunsiyo ng mga diyos na nakaupo sa kanilang mga trono (o iyong itim na ergonomic executive chair) na magiging magkahalong asynchronous at synchronous ang klase sa akademikong taon. Sa isang online na pagpupulong, ipinatawag ang lahat ng mga guro upang ipabatid ang magiging bagong moda ng pagkatuto: self-learning. Bukod sa binago ang akademikong kalendaryo, iniba rin ang course outline, iskedyul ng klase, at grading system.

Sa loob ng halos tatlong buwan bago ang pormal na pagbubukas ng akademikong taon, binugbog ako sa napakaraming webinar, at online course tungkol sa Adaptive Design for Learning, na isinagawa ng

paaralan. Kada linggo, kailangan naming magpasa ng kung anumang kahingian ng online course. Magkahalong synchronous at asynchronous ang online course para raw maranasan din naming mga guro ang ganitong pamamaraan ng pagkatuto. Para sa akin, para lamang akong nagrerebyu at muling binabalikan ang alaala noong ako ay nag-aaral para sa digri ng Teacher Education. Ang mga paksa sa online course, hindi na bago sa akin. Sadyang masalimuot lamang ang sapilitang pagsagot sa discussion board sa kada pindot ng next at mga written output na ipinapasa namin bilang portfolio tulad sa mga klase kong tig-iisang yunit na Field Study sa kolehiyo. Hindi ko man nakikita ang aking mga kapwa guro, ramdam ko ang kanilang pagkayamot dahil sino ba ang gaganahang sumunod sa utos ng mga diyos kung walang kasiguraduhan kung sasahod ba ang ilang tulad kong non-tenured sa mahabang panahon ng unpaid na “bakasyon?”. Sa mga tulad kong gurong hindi pa regular, parang penitensiya ang dalawang buwan ng “summer” dahil sa “no work, no pay” na polisiya.

Totoong maraming nagbago sa taong ito. Change for better or for worse? For richer or for poorer? (Wala naman talagang yumayaman sa propesyong ito before and during COVID.) In sickness and in health? (Wala na nga akong medical card, aasa pa ba ako sa PhilHealth kung sakaling tamaan ako ng anumang sakit sa panahon ng krisis pangkalusugan?) Until death do us part.

**Briones, Leonor.** Mother Liling, pray for us.

**Conduct Marks.** Dahil online ang moda ng pagtuturo, letter marks ang gagamitin sa pagbibigay ng grado: E kung exemplary, P kung proficient, at F kung failed. Para sa conduct marks, imbes na ang nakagawian na A, B, C, at D, pinalitan ito ng O, S, at NI. Ang O para sa outstanding, S sa satisfactory, at NI sa needs improvement. Hindi ko alam kung bakit kailangan pa magbigay ng conduct mark sapagkat hindi madali mataya ang student behavior sa panibagong setup.

Para mapaghandaan ang pagtataya ng conduct mark, bumuo ng primer, online course, at webinar ang isa sa mga diyos ng akademya. Tatlo ang pamantayan sa pagmamarka: self-management, respect for others, at academic integrity.

Mabuti pa sa kolehiyo, walang bahagdan para sa conduct na maaaring makapagpahila pataas o pababa ng pinal na grado. Ang aking basehan, lahat bigyan ng gradong O sapagkat wala namang naging walang hiya

sa klase (ewan ko na lamang kung tampulan ako sa mga private account ng mga bata sa Twitter at ako ang kanilang pinagpipiyestahan nang wala akong kamalay-malay) maliban na lamang kung nahuli sa pagpasa ng mga kahingian o class requirements.

Naalala ko ang sarili ko noong ako'y estudyante sa elementarya't hayskul. Dahil sa conduct grade, nanahimik ako kapag naaapi ng mga kaklase ko. Ayoko kasing mabahiran ang aking anecdotal record. Kaysa magsumbong, hinayaan ko na lamang ang mga pang-aabusong aking naranasan. Kung tutuusin, kung sino pa iyong mga dati kong ka-batch na nakakuha ng medalya para sa Outstanding in Character and Conduct noong elementary at high school, sila ngayon ang mga maagang nagsibuntisan, napariwara sa kolehiyo, o hindi kaya, taliwas na ang kanilang mga paniniwala sa Catholic teachings of the church. Nawa'y hindi magpariwara ang aking mga estudyante mapa-O o S ang kanilang conduct mark.

**DepEd.** See **Briones, Leonor** o doon ka sa main office sa Pasig magreklamo. Tanong ng madla, academic break or academic nervous breakdown?

**Educational Technology.** Gusto ko man maging best teacher ever sa paningin ng mga bata, wala na akong panahon at enerhiya para gumawa ng mga bonggang multimedia-based learning platform at video presentations na may animation at kung ano-anong biglang lumalabas na pinalamuting text at cartoon. Kung tutuusin, kaya ko naman gawin sapagkat nagtuturo ako ng multimedia at motion-based graphics sa aking mga estudyante. Ang naghahadlang sa akin ay ang oras na aking gugugulin para lamang makabuo ng ilustrasyon na lalabas lang ng tatlong segundo sa screen. Kahit gusto ko man makabuo ng educational video na tulad ng mga likha ng TED-Ed o iyong Crash Course ni John Green, ayokong maging alipin ng free labor. Art needs to be sold by artists so they can continue making art.

Buong pagmamalaki ng aking head ang ginawang game-based platform ng aking kasamahan (nagtuturo siya ng Coding at Game Development kaya inaasahan ko ring bihasa siya sa pagbuo ng gaming program) at mga educational video na ipinapalabas niya sa klase. Tularan daw namin ang kaniyang dedikasyon. Tutularan ko lamang siya oras na maapruba na ang aking faculty re-evaluation nang umangat naman ang aking ranking, pati ang kakarampot kong sahod. Hindi lang mga mag-

aaral ang kailangan ng positive reinforcement at intrinsic motivation kung hindi pati ang mga guro ring gaya ko.

**Faculty Evaluation.** Google Form. Gamit ang 4-point Likert scale, piliin ang numerong umaayon sa mga pangungusap.

4 – Lubos na Sumasang-ayon
3 – Sumasang-ayon
2 – Hindi Sumasang-ayon
1 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nasa mabuti akong estado. | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 2. Mabilis ang aking internet connection. | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 3. Nasa katinuan pa ako. | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 4. Sapat ang aking sinasahod. | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 5. Gusto ko na mag-resign. | 4 | 3 | 2 | 1 |

Punan ang espasyo ng mga komento, suhestiyon, o mungkahi.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________

Salamat sa iyong pakikiisa.

**Grading System.** Tigil muna ang paggawad ng honors sa akademikong taon. Napansin kong dahil sa walang tatanghaling first, second, o third honor ngayong taon, bihira ang mga estudyanteng nagtatanong kung saang lupalop ng mundo ko raw nakuha ang kanilang marka. Palibhasa, karamihan sa mga estudyante ko'y grade conscious o kung tawagi'y GC.

Bago pa man ang pandemya, saksi ako kung paano sugurin ang kasamahan kong guro ng Mathematics sa faculty room ng mga estudyanteng nagrereklamo sa nakuha nilang grado. Madalas ko rin siyang nakikitang nagtu-tutor ng mga batang mahina sa nasabing asignatura sa oras ng dismissal.

Kuwento niya, minsan na siyang sinugod ng nagrereklamong magulang sa ibinigay na grado sa kaniyang anak. Ani ng magulang, isa siyang licensed engineer at ipinakita ang kaniyang lisensiya kaya

hindi raw posibleng bumagsak ang kaniyang anak sa Math. Bulalas ng kasamahan ko, inilabas niya ang dalawa niyang lisensiya—isa bilang mechanical engineer, at isa bilang real estate agent. Double Kill!

Sa aking pinagtuturuan, big deal din kung saan nagtapos ang guro. Parang tablahan ng baraha ang mga pangyayari. Inilabas ng ama ang isang alumni card na nagpapatunay na siya ay graduate sa paaralang bahagi ng Big Four. Hindi nagpatalo ang aking kasamahang guro. Inilabas niya ang tatlong ID mula sa kaniyang pitaka—isa bilang alumni ng UST Faculty of Engineering, isa bilang mag-aaral ng Teaching Certificate Program sa UST College of Education, at ang huli'y ang nagpapatunay na graduate school student siya sa UP. Triple Kill!

Ginawang laro ng palitan ng Yu-Gi-Oh! o Pokémon cards ang pagtutuos sa pagitan ng magulang at guro. Hindi na umimik ang magulang at natapos na rin ang salitan ng barahang parang laro ng mahjong. He had slain the enemy! Victory!

Dahil sa insidente, hindi ni-renew ang kaniyang kontrata. Hindi pala victorious. Naaawa man, balita ko'y masaya siya ngayon bilang instruktor sa kolehiyo habang pinagsasabay ang pagtatrabaho bilang ahente ng mga condo at pagtuturo ng Espanyol sa kaniyang mga kliyente. Masaya rin siya sa natamong academic freedom (at kalayaan mula sa mga diyos na mahilig sa departmental na pamamaraan mula pagtuturo hanggang pagmamarka).

**Higher Education.** Matapos ko lang ang aking master's degree at makapaglathala ng sandamukal na research paper na hindi ko man lamang alam kung mayroon pang magtatiyagang ito'y basahin, balak kong umakyat at magturo sa kolehiyo. Hello, academic freedom.

Nakasaad sa 1987 Consitution ang sumusunod: "Academic freedom shall be enjoyed in all institutions of higher learning." Dahil nasa high school department ako at wala sa "institution of higher learning," kailangan kong sumunod sa kung anong aralin o pamamaraan ng pagtataya o assessment na inatas ng aking tagapag-ugnay o subject area coordinator. Nakakasakal na bawat galaw, parang mayroong nakakabit na CCTV sa akin.

Mababasa rin sa Konstitusyon na "The State shall enhance the right of teachers to professional advancement." Hindi ko maramdaman ito. Bukod sa buwis na kinakaltas sa akin bilang guro, magkano na rin ang aking ibinabayad sa taunang professional tax bilang professional

teacher. Kamakailan lang, ilan sa mga kakilala kong gurong iskolar na kumukuha ng digri sa paaralang gradwado ay hindi makapag-enrol dahil sa budget cut ng CHED. Buong tapang na nga nilang tinanggap ang sakit ng mababang sahod bilang guro, dagdag pang umaaray kung saan sila kukuha ng perang pantustos para sa matrikula.

Kung matuloy man ang Charter Change (na mas kilala sa tawag na "Cha-Cha") o ang sinususog na palitan ang nilalaman ng Konstitusyon, nawa'y huwag kalimutang konsultahin ng kung sinumang nagsusulong sa pagbabago nito ang mga guro.

**Intrinsic Motivation.** Natutuwa ako kapag nakikita ko ang mga mataas na grado ng aking mga estudyante. Hindi ako natutuwa kapag natatanggap ko ang aking payslip. Kailan din kaya ito tataas? Parang grado ng mata ko na lamang ang tumataas kakababad sa tapat ng kompyuter at selpon. Hindi na nakaka-motivate. Matinding pisikal, mental, at emosyonal na stress ang dulot ng pandemya at mas matindi ang kapabayaan ng mga nakaupo. Toxic resiliency pa more.

**Junior High School.** Balita ko, maraming tinanggal na guro sa Junior High School na nagpupumilit pumasok sa Senior High School.

**Knowledge, Skills, and Values.** Mula kay Bloom hanggang Anderson (hindi si Benedict o si Gerald), para sa mga nais maging guro (o kukuha ng LET), kailangan alam mo ang mga lebel ng taxonomy sa pagbuo ng learning objectives.

Remember. Sa unang araw ng klase, tandaan mo ang mga pangalan at pagmumukha ng iyong mga estudyante. Tandaan kung sino ang guard na nag-welcome sa iyo sa gate (makakakuha ka ng inside information kung naging close na kayo). Tandaan kung sino ang mga diyos na maaaring lapitan sa panahon ng pangangailangan (seek their help with caution dahil maaari kang ma-note). Tandaan ang mga pasikot-sikot ng gusali. Tandaan kung saang palikuran ang may gumaganang bidet. Tandaan kung saan ang blind spot ng mga CCTV. Tandaan ang mission at vision ng paaralan, pati ang mga mito't tsismis.

Understand. Hindi ka guro kung hindi ka marunong umunawa. Unawain ang mga late magpasa ng output (kahit nakakaapat na ang bilang ng kaniyang lolang namatay sa loob ng isang buwan) o ang nakakainis mong estudyante. Huwag kang magreklamo, hindi ka pa

tenured at kliyente mo ang iyong mga estudyante. The customer is always right. Habaan ang pisi.

Apply. Mag-aplay ka lang nang mag-aplay hangga't hindi ka pa nakakapirma ng kontrata o nakakatanggap ng renewalship letter.

Analyze. Kung Education graduate ka, nawa'y magamit mo ang mga natutuhan mo sa mga klase sa Psychology. I-analisa kung paano makuha ang loob ng mga mag-aaral. I-analisa ang mga grado sa spreadsheet bago ipasa sa head para maiwasan na siya'y mainis kapag kailangan ng change of grades. I-analisa kung ano ang paboritong flavor ng keyk ng isa sa mga diyos na ibibigay sa kanilang kaarawan at siguraduhing hindi ito ube o pandan roll. I-analisa kung sino sa mga kapwa guro ang dapat kaibiganin at lubos na kilalanin. I-analisa kung tatagal ka pa ba sa pagtuturo base sa pansariling katayuan at estado ng kalusugan.

Evaluate. Hawak mo man ang magiging pinal na marka ng iyong mga estudyante, hawak naman ng mga estudyante mo ang kapalaran mo bilang guro sa paaralan. Hindi totoo na nasa guro ang huling halakhak.

Create. Lumikha ng good impression kung nais mong tumagal sa akademya. Lumikha ng good memories para kawilihan ng mga mag-aaral. Lumikha ng good connection sa mga kasamahan para mauna sa balita't tsismis. Lumikha ng more than good grades para hindi ka makipagduwelo sa magulang tulad ng nangyari sa aking kapwa gurong natanggal sa pagtuturo. Mahirap mawalan ng trabaho, lalo na sa panahon ngayon kaya always be good, do good.

**Licensure Examination for Teachers.** Postponed ang dapat sanang nakaiskedyul na LET noong Setyembre. Mukhang mauulit ito para sa eksaminasyon sa Marso hangga't hindi pa bumubuti ang lagay ng bansa laban sa COVID.

Inanunsiyo ng aming head na pansamantalang ititigil ang polisiyang no teaching license, no teach dahil sa walang kasiguraduhan kung kailan ang petsa ng LET. Sa aking pinapasukan, hindi maaaring ma-tenure ang sinumang walang lisensiya sa pagtuturo.

Bukod sa aking head sa departamento, ako lamang ang lisensiyado sa pagtuturo. Ako rin ang nag-iisang nakapagtapos sa digri ng Teacher Education. Karamihan sa mga guro sa aking pinapasukan, mga non-Education graduate. Dahil nga ako ang bukod-tanging Educ grad, sa akin napapataw ang obligasyon mula instructional design hanggang assessment.

Nalulungkot ako kung gaano kadali para sa mga kasamahan kong non-Education graduate kumuha ng 18 teaching units para maging ganap na guro samantalang nagbuno ako ng apat na taon sa Kolehiyo ng Edukasyon na may kasamang internship sa loob ng isang taon sa laboratory high school at ilang linggo sa isang public school na madalas walang kuryente. Kahit ang aking head at ang mga diyos sa aking pinapasukan, hindi rin mga nakapag-undergraduate ng Educ. Kaya minsan, ang hirap i-assert ng mga sarili kong ideya kung taliwas ang kanilang paniniwala roon sa mga natutuhan mo sa loob ng apat na taon. Sino ba akong baguhan sa eskuwelahang aking pinagtuturuan (ikaapat na eskuwelahan ko na ito)? Tulad ng pamagat ng nobela ni Glenn Diaz, kapwa guro sa aking pinapasukan (pero hindi kapareho ng departamento dahil nasa kolehiyo siya), kailangan kong manatili bilang isa sa mga "the quiet ones."

**Modules.** Nakatanggap ako ng mensahe sa aking head na ibahagi ko ang aking likhang modyul sa kasamahan kong part-timer na guro dahil magtuturo na siya sa ikalawang markahan. Over my beautiful, sexy body! Hindi ko ibinigay sapagkat ibinuhos ko ang aking kaalaman at oras mabuo lamang ang anim na modyul. Pabiro akong sumagot na bayaran ako ng instructional design fee. Hindi siya tumugon. Hindi biro gumawa ng modyul.

**Null Curriculum.** Iba pang katawagan: excluded curriculum. Ngayong akademikong taon, bumuo ang Kagawaran ng Edukasyon ng isang set ng bagong kurikulum na kinilala bilang Most Essential Learning Competencies o MELCs. Sa aking pinagtuturuan, binawasan ang nakagawiang dami ng mga aralin. Mabuti na rin ito para hindi magkaroon ng information overload ang mga mag-aaral. Kung iisipin, kahit bago pa magkaroon ng COVID, overloaded na rin ang kurikulum sa hayskul. Ang daming nais ipagawa sa mga mag-aaral na tila nalalayo na ito sa realidad ng kanilang mga karanasan.

Dahil ako ang nag-iisang Educ graduate at mayroong karanasan sa pagbuo ng mga modyul (bago pa man magkaroon ng pandemya, bumuo na ako ng modyul para sa isang educational technology company dalawang taon na ang lumipas), inatasan akong lumikha ng course outline para sa sabjek na Media and Information Literacy na siya ring kakatayin at lilitisin ng aking head. More kawanggawa, more fun.

**Outcome-Based Education.** Dahil sa outcome-based education, ang pokus ay nasa mag-aaral o kung tawagin ay learner-centered approach. Dapat magkaroon ng pagtatayang awtentiko o authentic assessment na nakaangkla sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral. Napakaraming kahingian sa mga guro na sumunod sa bagong disenyo ng kurikulum kesyo ito raw ang trend sa ibang bansa. Hanggang kailan ba tayo gagaya ng kurikulum ng mga banyaga kung sa sarili nating bansa, hindi man lang maitaas ang antas ng literasi, bilang ng mga klasrum sa pampublikong paaralan, at mga sahod ng guro? Ang resulta, nagtatamasa ito ng pilit na pagsunod sa itinalagang content standards at performance standards.

Palibhasa, sa klasrum, may batas. Kaya kailangang mag-comply kung ayaw mashigpay. Eh, iyong mga nakaupo, kailan kaya sila nag-comply sa boses ng mga naghihikahos na guro? Ng mga nars at medical worker? Ng aba't karaniwang Pilipino? Puro satsat ang mga buwayang walang ginawang mabuting outcome.

**Public School Teacher.** Isang public school teacher ang nag-suicide sa Leyte. Pang-ilang kaso na ba ito ng teacher suicide sa Pilipinas? Estadistika, numero, bilang. Bukas makalawa, nakahanap na kaya ang paaralan ng papalit sa kaniya?

**Quantitative Assessment.** Puro estadistika, numero, bilang. Ang mga guro, panay ang testing sa mga mag-aaral. Ang gobyerno, panay ang pagbalewala sa tawag ng mass testing sa mga mamamayan.

**Resources.** Dahil hindi muna papasok sa iskul ang mga kauri nina Cassie at Marga, pinahiram ng paaralan ang isang yunit ng kompyuter galing sa computer laboratory: monitor, keyboard, mouse, system unit, at AVR. Mula sa aking pinapasukan, binitbit ko ito papunta sa aking tahanan. Pag-uwi, kaagad kong sinet-up ang napakabigat na kompyuter. Ikinonekta ko ito sa lumang PLDT modem na sumasagap ng signal mula sa aming Globe na router.

Sapat na raw ito para matawid ang akademikong taon. Ako na raw ang bahalang bumili ng sarili kong web camera at headphones dahil hindi raw ito sakop ng badyet. Kaharap ang kompyuter na i3 (minimum na kahingian ang i5 o higit pa), napakabagal minsan mag-load ng mga program na nakaaapekto sa aking pagtuturo. Bilang solusyon, nagkaroon ng loan program ang aking pinapasukan para sa mga nais bumili ng

bagong laptop. Umutang daw muna kami hangga't mabayaran namin. Kakarampot na nga ang sahod ko, mangungutang pa para sa bagay na ang mga mag-aaral din ang makikinabang. Nabalitaan kong binigyan ng mga libreng laptop ang mga iskolar ng paaralan. Kumalat ang balita sa social media na nagsilbing magandang PR sa paaralan. Sana mabigyan din kaming mga gurong walang sapat na kagamitang panturo. Mabuti pa ang pulis, binibigyan ng baril at bala sa trabaho. Paano naman kaming mga guro na sa sariling bulsa dudukot para maitawid ang pagtuturo?

Binigyan din kami ng internet subsidy na dalawang daang piso kada buwan. Hindi sapat lalo na sa mga synchronous session na napakalakas kumain ng bandwidth at internet data. Sa hindi ko malamang dahilan, kailangan kong mamuno sa araw-araw na online morning flag ceremony. Nakabukas ang aking kamera't mikropono, pati na rin sa mga estudyante ko.

Mula Lunes hanggang Biyernes, kailangan kong bumangon bago mag-alas-otso para mangalap ng gagamiting reflection material. Pagpatak ng alas-otso, naka-log in na ako sa Google Meet link o kawing na aking pinaskil sa aming platform. Sabay-sabay kong makikita ang humigit-kumulang na kuwarentang mag-aaral na halatang nagambala sa kanilang mahimbing na tulog. Protocol ng paaralan na nakabukas ang kanilang mga kamera bilang patunay ng kanilang pagdalo sa sesyon. Ewan ko ba kung bakit araw-araw naming ginagawa ang seremonyang ito. Araw-araw ko ring itinatala ang attendance ng klase na nakayayamot. Kung tutuusin, compliance na lamang ito. Hindi ako informed na bukod sa pagtuturo, mamumulis na rin ako.

Dahil nasa basic education unit at wala sa kolehiyo, kailangan kong intindihin ang konteksto ng aking mga mag-aaral. Hindi basta-basta learner-centered approach. Client-based approach ito sapagkat ang premium care ay dapat madama ng kliyente, ang mga mag-aaral at ang mga nagbabayad ng kanilang matrikula. Kada umaga, kailangan kong magpanggap na ako ay nasa mabuting katayuan, habang isa-isa silang kinukumusta tulad ng isang psychologist o guidance counselor. Mauuna ang maikling kumustahan session bago ang online flag ceremony. Mahalaga ang makapagbuo ng rapport sa mag-aaral dahil ang bawat kilos o gawi, lalo na sa online, ay recorded at siguradong magmamarka sa faculty evaluation. Palibhasa nasa hayskul. Palibhasa mga bata pa raw na kailangan ng patnubay at gabay. Palibhasa wala naman akong magagawa dahil ako ang adviser.

Para makatipid sa bandwidth, nagtalaga ako ng mga prayer leader kada araw na magpapakita ng slide presentation na naglalaman ng audio file ng Lupang Hinirang at Panatang Makabayan. Sila rin ang magpapakita ng reflection video sa pamamagitan ng screen share. Madalas, dahil mahina minsan ang signal ng internet, napuputol ang video o delayed ang paglabas ng audio doon sa visual prompt. Minsan, binabalewala ko na lamang ito, malampasan ko lamang ang umagang synchronous session na tumatagal ng trenta minutos. Para maging sistematiko, nagtalaga ako ng kalihim o class secretary na magmamarka ng attendance gamit ang binuo kong spreadsheet.

Naalala ko ang memo ng isang unibersidad na magiging grounds sa pagtanggal ng mga instruktor at propesor kung sila ay madalas makaranas ng mabagal o walang internet connection. Matindi ang digital divide sa Pilipinas na hindi lamang nararanasan ng mga mag-aaral bagkus pati ng mga guro. Nakalulungkot na ang pagtataya ay nakabase sa pagharap sa screen. Hangga't maiksi ang kumot, kailangang mamaluktot. Hangga't hindi mabibigyan ng agarang solusyon ng gobyerno ang mga isyu sa edukasyon, hanggang kailan tayo nakakunot?

**Self-Learning.** Self-loathing.

**Tenureship.** Magtatagal o matatanggal? Sa call center, anim na buwan, regular ka na with full benefits. Mayroon ka pang HMO kung sakaling magkasakit, at kung ano-anong bonuses. Kumusta naman ang abang gurong hindi pa tenured?

Hindi na bagong kaalaman na maraming mga dating guro ang mas pinili ang mundo ng BPO. Kung tutuusin, trained ang mga guro sa ganitong industriya dahil kaya nilang manatiling gising sa madaling-araw kahit kailangang performance level sila sa oras ng klase. Palagi silang puyat kakagawa ng learning materials at palagi ring babad sa tapat ng kompyuter para sa kanilang banghay-aralin at mga slide presentation. Sanay ang mga guro sa pagsaway ng mga makukulit na bata dahil prerequisite sa pagtuturo ang good classroom management skills. Kung nasubok ang kanilang pasensiya sa klasrum, mukhang kaya naman nilang makitungo sa mga nakaiiritang kliyenteng nasa kabilang ibayo. Karamihan sa mga kakilala kong guro, kape na ang nananalaytay sa sistema. Paboritong inumin din ito ng ilang call center agents. Ang naiisip kong problema, ewan ko na lang kung kakayanin nila ang

pangmalakasang Ingles sapagkat may iilang guro akong nakasalamuha o napanood nang magturo sa klase na madalas, wrong grahams at napapasobra ang pluralizationisminizations.

Sa mga gurong hindi nakikita ang BPO bilang paraan ng pagtakas sa "dakilang" propesyon, mayroon din akong mga kakilalang gurong pinili maging financial adviser. Ang kinikita ng abang guro sa loob ng isang buwan, mumo lang sa isang financial adviser na kayang kumita ng daang libo o higit pa sa kada cutoff.

Para sa mga gurong umaasang maging regular (at hindi pa rin kumbinsido maging call center agent o financial adviser), kailangan pang magbuno ng tatlong taong serbisyo bago ka puwedeng magkasakit. Hangga't hindi ka pa regular, magtiyaga ka muna sa pagpahid ng Katinko, Vicks, at anumang vapor rub dahil hindi kakayanin ng kakarampot na sahod ang magpa-confine sa ospital (Balita ko, mabisa rin ang pagtapal ng repolyo sa bahagi ng katawang sumasakit. Peyk news!).

**Understanding by Design (UBD).** Ang lesson plan o banghay-aralin na sumusunod sa UBD ay may tatlong bahagi.

Stage 1: Desired Results. Pagkatapos ng sesyon, ano ang inaasahan mong knowledge, skills, and values sa iyong mga mag-aaral? At the end of the session, students are expected to __________. Punan ang patlang ng angkop na verb phrase.

Bilang guro, kailangan mong bumuo ng Enduring Understanding, Big Idea, at Essential Questions. Ang Enduring Understanding ang sapilitang nais ipaunawa ng guro na sobrang nakaka-endure, injure, at conjure sa mag-aaral. Ang Big Idea ang sapilitang temang ikinawil ng guro sa aralin. Halimbawa, sa klase ng Math para sa Grade 3, ang aralin: Dividing Fractions. Ang Big Idea para sa nasabing aralin ay "Divide your gifts and share them with others." Bukod sa forced philosophical statement, kailangang isipan ng values integration ng guro ang aralin. Eh kasi, basic education. Eh kasi, guro ang tagahubog ng values ng mga bata. Ang Essential Questions ay listahan ng mga tanong para sa recitation. Hindi basta-basta ang pagbuo ng mga tanong sa hayskul sapagkat kailangan itong isunod sa nakagawiang Bloom's taxonomy (See **Knowledge, Skills, and Values**).

Stage 2: Assessment Evidence. Kada isang sesyon, hindi mawawala ang formative o summative assessment na nagdudulot ng stress sa mga guro. Isang bata, isang papel na mamarkahan. Kaya evident din ang

puyat at namumugtong mga mata ng mga guro habang nagwawasto ng mga assessment.

Stage 3: Learning Plan. Hanggang ngayon, kinasusuklaman ko ang formulaic na pagsulat ng lesson plan. Napakametikuloso na para kang bumubuo ng iskrip na babasahin sa harapan ng mga estudyante. Sisimulan ito sa pagbuo ng Motivational Activity. Iyan talaga ang katawagan. Kumbaga, katumbas ito ng beginning activity bago ang actual class discussion. Ito ang bahagi kung saan maaaring magpabuo ang guro sa mga mag-aaral ng puzzle, pagpapasagot ng poll na susundan ng maikling debate, o pagpapakilala ng aralin gamit ang mga sayaw at awitin. Ewan ko ba at bakit kailangan pang i-motivate ang mga mag-aaral? Dapat, bago pa man ang simula ng klase, motivated na silang matuto.

Susundan ito ng class discussion at palitan ng mga Topical Question, pati ang mga Essential Question sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Para masukat ng guro kung naintindihan ng mga mag-aaral ang mga itinuro, magbibigay siya ng pagtataya o assessment. Ito rin ang oras kung kailan mangungulit ang mga bata kung sa wamport ba o buong papel isusulat ang sagot. Para maiwasan ito, mabuti na ring magpa-print ng testing sheet (at maningil ng tigpipiso kada estudyante. Hindi ka diyos. Hindi unlimited ang supply mo ng ink o pagpapa-photocopy sa labas.)

Matatapos ang klase sa isang Biblical quote o anumang kasabihang napulot ng guro sa internet, pilit niyang ire-relate ang quote sa aralin na magsisilbing golden nugget of wisdom sa mga bata.

Mabuti pa ang mga nagtuturo sa kolehiyo, walang daily lesson plan na iiintindi liban lang sa course syllabus na sila mismo ang naghanda. Hindi rin araw-araw kailangang magbigay ng assessment. Hindi rin nila kailangang magbahagi ng pilit na quote sa dulo ng klase. Palibhasa, departmental sa hayskul kaya walang kawala sa pikit-matang pagsunod sa binuong course plan ng sinumang nakaupong diyos.

**Vertical Alignment.** Maituturing na sa paaralang normal (termino ito sa mga kolehiyo para sa mga nagnanais maging guro) ako nagtapos ng digri ng Pagtuturo sa English o Teacher Education major in English. Kinasusuklaman kong matawag akong BSE graduate o nakapagtapos ng Bachelor of Secondary Education. Mababaw na isyu pero mas maganda pakinggan kung graduate ka ng BA, BS, o BFA kaysa sa BSE. Dahil sa mga

salitang "Secondary Education," nakapako tuloy na para lamang ako sa pagtuturo ng hayskul kahit nais kong umakyat sa kolehiyo. Tutal, teaching is both science and art. Bakit hindi na lamang BSA English Education o Bachelor of Science and Arts in English Education? Masagwa. Baka isipin, double degree holder ako ng English Education at Bachelor of Science in Accountancy. Waterloo ko pa naman ang Math.

Dahil sa epekto ng K-12 at pagbabawas ng yunit sa General Education, napakaraming instruktor at propesor ang sapilitang bumaba mula sa pagtuturo sa kolehiyo patungong hayskul. Lalo na at English major ako, walang demand sa pagtuturo ng nasabing asignatura dahil mula 12 units, ayaw kong makipag-agawan para sa 3-unit na Purposive Communication. Makakalaban ko pa sa load ang mga dati kong propesor sa kolehiyo na pati siya, namomroblema sa kaniyang load.

Gusto ko man magturo ng English sa kolehiyo, pinayuhan ako na hindi vertically aligned ang aking kasalukuyang digri sa gradwado. Isa akong mag-aaral ng MA Creative Writing. Dapat kumuha man lang daw ako ng MA English Language Studies. Hindi ko maintindihan sapagkat ang mga unibersidad sa ibang bansa, nasa iisang departamento ang English at Literature. Sa UP nga, nasa iisang kagawaran lamang ito at kilala bilang Department of English and Comparative Literature.

Sa ngayon, nagtuturo ako ng midya at komunikasyon kahit hindi man ako nagtapos ng digri sa Communication Arts, Journalism, o Multimedia Arts. Minsan, napapaisip ako na kumuha ng digri na labas sa Education. Ayaw kong mapako sa pagtuturo. Bukod sa mababang sahod, kung sakaling kumuha man ako ng "industry-based" na digri, mas kapaki-pakinabang ito.

Aanhin ko pa ang kaalaman ko sa lingguwistika o sa dami ng mga panitikang pilit sa aking ipinapabasa kung puwede naman akong magturo ng mga kursong pang-medyor. Aanhin ko pa ang mga natutuhan ko sa mga klase ng Facilitating Learning, Principles of Teaching 1 and 2, Assessment of Learning 1 and 2, Educational Technology 1 and 2, at Curriculum Development kung iyong mga nagtuturo ngayon, hindi man lang alam ang mga konseptong nakapaloob sa sikolohiya, pilosopiya, at sining ng teaching and pedagogy.

Hindi ko maiwasang mainggit din sa mga kasabayan kong nagtapos na nagtuturo sa kolehiyo ng Accountancy, sa Filipino, at iba pa samantalang ako'y nagtatiyaga sa basic education unit. Hindi sila Education major pero nakakapagturo. Bukod sa malaki ang salary disparity sa kolehiyo

laban sa basic education, gusto kong makaranas ng kalayaan sa pagbuo ng sarili kong syllabus na hindi dinidiktahan ninuman.

**Washback.** Puwede ring tawaging backwash. Ayon kay Hughes (1994), ito ang epekto ng pagtataya sa pagtuturo at pagkatuto.

Hangad ng mga guro ang positive washback dahil ibig sabihin, natuto ang mga bata sa aralin dahil sa mga mataas na markang nakuha nila sa pagsusulit. Minsan, napagtatanto ko na problematiko ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas sapagkat ang pokus ay ang pagsusulit. Hindi na bago sa akin ang mga balita ng pandaraya kahit monitored with proctor ang mga online test habang nakabukas ang kamera ng mga bata. Ang mahalaga raw, makakuha ng mataas na marka at maitawid ang pag-aaral sa panahon ng pandemya. Tinanong ko ang isang mag-aaral sa kaniyang opinyon tungkol sa talamak na pandaraya sa mga online test. Ang tugon niya, "Kung iyong mga nasa posisyon, harap-harapan at walang hiya-hiya sa panloloko ng mga mamamayan." Nanahimik ako. Nag-isip. Nagtanto.

**Excel Spreadsheet.** Elektronikong sisidlan ng estadistika, numero, bilang. Sisidlan din ng mga gradong dinuktor ng butihing guro slash mathemagician. Hindi lang pala mga pulitiko at mga mag-aaral ang marunong manloko, pati rin ang mga guro na pilit pinapataas ang mga grado ng mga mag-aaral huwag lamang bumagsak at umulit ng klase.

**Year.** Hanggang kailan pa ba ang pandemyang ito? Halos mag-iisang school year na?

**Zero.** Progress report on COVID response: F. Failed. Bagsak. Bokya. Wala. Walang-wala. Zero.